


SENIOR HIGH SCHOOL



# Filipino sa Piling Larang (Akademik) Ikalawang Markahan Modyul 16 Etika sa Akademikong Pagsulat



**Filipino sa Piling Larang-Akademik  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan–Modyul 16  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Julie Zabal-Cadiz

**Katuwang na Manunulat:** Rosarie R. Carlos  
Alfredo R. Alcantara Jr.

**Editor:** Rosarie R. Carlos

**Tagasuri:** Rosarie R. Carlos

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Raphael A. Lopez

**Tagapamahala:** Wilfredo E. Cabral  
Arnulfo M. Balane  
Micah G. Pacheco  
Ma. Gloria G. Tamayo  
Dennis M. Mendoza  
Dr. Meliton R. Zurbano  
Filmore R. Caballero  
Jean A. Tropel  
Rosarie R. Carlos

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)**

Office Address: Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

E-mail Address: blr.lrqad@deped.gov.ph \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)

SENIOR HIGH SCHOOL

**Filipino sa Piling  
Larang (Akademik)  
Ikalawang Markahan  
Modyul 16  
Etika sa Akademikong  
Pagsulat**



# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 11/12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Etika sa Akademikong Sulatin!

Ang modyul na ito ay pinagtulangang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pamprivadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto ng mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



## ***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino sa Piling Larang (Akademik)-Baitang 11/12 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa araling Etika sa Akademikong Sulatin!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



### **Alamin**

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



### **Subukin**

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



### **Balikan**

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



### **Tuklasin**

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon.



### **Suriin**

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



### **Pagyamanin**

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



### **Isaisip**

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.



### **Isagawa**

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



### **Tayahin**

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



### **Karagdagang Gawain**

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



### **Susi sa Pagwawasto**

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

### **Sanggunian**

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahihirapang magsagot sa mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka

ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Pagbati! Matagumpay mong naisakatuparan ang mga gawain sa nakaraang modyul. Ngayon ay nasa ika-16 na modyul na tayo at inaasahang muli na magiging makabuluhan at kawili-wili ang iyong magiging karanasan sa pagtugon sa mga gawaing nakapaloob sa modyul na ito.



## **Alamin**


Ang modyul na ito ay naglalayong mabigyan ka ng kaalaman tungkol sa pagsulat ng posisyong papel. Tatalakayin dito ang kahulugan, gamit, mga katangian at mga hakbang sa pagsulat ng posisyong papel. Matutunghayan mo rin ang halimbawa ng posisyong papel na maaaring maging huwaran mo sa isasagawang sulatin. Tuturuan ka ring gumawa ng balangkas na magiging gabay mo sa pagbuo ng isang posisyong papel na may batayang pananaliksik.

Ang araling ito ay nahahati sa sumusunod na paksa:

1. Paglalahad ng Etika sa Pagsulat
2. Pagbibigay Kahulugan sa Posisyong Papel
3. Gamit ng Posisyong Papel
4. Katangian ng Posisyong Papel
5. Mga Hakbang sa Pagsulat ng Posisyong Papel
6. Halimbawa ng Posisyong Papel

Pagkatapos mong sagutan ang modyul sa araling ito, ikaw ay inaasahang:

- Naisasaalang-alang ang etika sa binubuong akademikong sulatin.  
**CS\_FA11/12EP -Op - r - 40**



## **Subukin**

**Panuto:** Sumulat ng posisyong papel ukol sa pagpapatuloy ng edukasyon sa panahon ng *COVID-19* sa bansa. Tiyaking naisaalang-alang ang etika sa pagsulat ng posisyong papel.

**Pamantayan:**

Nakapaghanay ng sariling katuwiran	10
Nakapaghanay ng kasalungat na katuwiran	10
Nakabuo at solidong naipaliwanag ang paninindigan	10
Nakabuo ng sulating may batayang pananaliksik	10
Naisasaalang-alang ang etika sa akademikong sulatin	10
<b>Kabuuan</b>	<b>50</b>

**Modyul  
16**

**Etika sa Akademikong Sulatin**



**Balikan**

**Panuto:** Pagmasdan ang mga editoryal kartun sa ibaba. Tukuyin ang mahalagang isyu na binibigyang-diin dito. Ilahad din ang iyong pinaninindigang opinyon tungkol dito. Isaalang-alang ang etika sa pagsulat ng opinyon. Gawing gabay sa pagsagot ang talahanayan. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



Mula sa [www.philstar.com](http://www.philstar.com)



Mula sa [www.philstar.com](http://www.philstar.com)

Isyu:


Opinyon at Paliwanag:





### ***Mga Tala para sa Guro***

Ang pagkakaroon ng paninindigan sa isyung panlipunan at kasikhayan sa pananaliksik ang mahahalagang salik tungo sa pagsulat ng mabisang posisyong papel. Mapagtitibay ang isang paninindigan ng mga ebidensyang nagmumula sa pananaliksik. Bilang guro, tungkulin nating hikayatin ang mga mag-aaral na magsagawa ng pananaliksik at pagsasalaalang-alang sa etika ng pagsulat upang maging epektibo ang kanilang paglalahad ng mga katuwiran. Ang posisyong papel ay isang uri ng sulating akademiko na nagpapahayag ng tiyak na paninindigan tungkol sa makabuluhan o napapanahong isyu.



## ***Tuklasin***

### **Gawain 1**

**Panuto:** Basahin at unawain ang pahayag sa loob ng kahon. Ilahad ang iyong pananaw tungkol dito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

“Kapag may  
Katwiran,  
Ipaglaban Mo”

Ang Aking Pananaw:

### **Gawain 2**

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel kung paano mo paninindigan at ipaglalaman ang iyong karapatan sa sumusunod na sitwasyon.

1. May ale kang nakasabay sa paglalakad papunta sa inyong paaralan. Nakita mong nahulog ang kaniyang pitaka at ibinigay mo ito sa kaniya. Subalit sa halip na magpasalamat ay pinagbintangan ka niya na ikaw ang kumuha ng kaniyang pitaka.
2. Nakita mong may kodigo ang iyong kaklase na katabi mo habang kayo ay may pagsusulit. Nang papalapit na ang inyong guro ay mabilis na ipinatong ng

- iyong kaklase ang kodigo sa iyong *desk*. Nakita ng iyong guro na nasa *desk* mo ang kodigo at pinagbintangan kang nandaraya sa pagsusulit.
3. Maaga kang umalis ng bahay patungo sa inyong paaralan. Habang nakasakay sa *jeep* ay may banggaan sa kalsada na nagdulot ng matinding trapik. Pagkatapos ng klase ay nais kang kausapin ng iyong guro dahil nahuli ka sa pagdating sa paaralan.



## **Suriin**

Basahin at unawaing mabuti ang mga impormasyon tungkol sa etika ng pagsulat at posisyong papel sa ibaba.

### **Etika sa Pagsulat**

Ayon sa <https://brainly.ph/question/476973>, ang etika sa pagsulat ay batayan na nagdidikta kung ano ang dapat gawin ng tao. Ito ay may kaugnayan sa kanyang obligasyon, karapatan, katuwiran at halaga. Kabilang dito ang pagkamakatao, katapatan at pagtitiwala. May mga pagpapahalagang nakapaloob sa etika sa pagsulat. Ito ay mga batayan, istandard, ideyal at gawi.

Ang sumusunod ay mga konsepto kaugnay sa etika sa pagsulat na halaw pa rin sa <https://brainly.ph/question/476973>.

1. **Copyright.** Sa Pilipinas, nililinaw sa Intellectual Property Code of the Philippines o ang Republic Act. No 8293 ang mga karapatan at obligasyon ng mga may-akda pati na ang paggamit sa mga ginagawa ng mga ito. Dapat tukuyin ang may-akda o kung saan nanggaling ang datos, petsa, naglimbag at iba pang impormasyon.
2. **Plagiarism.** Ang *plagiarism* ay ang maling paggamit, pagnanakaw ng mga ideya, pananaliksik, lengguwahe at pahayag ng ibang tao sa layuning angkinin ito na magmukhang kaniya. Ito ay ang hindi pagbanggit sa may-akda ng bahaging sinipi at kinuhanan ng ideya. Kasama rito ang hindi paglagay ng panipi sa hiniram na direktang salita o pahayag. *Plagiarism* din kapag hindi ginamitan ng sariling mga pananalita ang mga akdang ibinuod (summary) at hinalaw (paraphrase).
3. **Paghuhuwad ng datos.** Ang paghuhuwad ng datos ay ang pagbago o modipikasyon ng datos. Kabilang dito ang imbensiyon ng datos. Ito ang sinasadyang di paglagay ng ilang datos.
4. **Pagbili ng mga papel.** Ang pagbili ng mga papel o pananaliksik sa mga lugar gaya ng ilang tindahan sa Metro Manila at lagyan ng sariling pangalan upang ipasa sa guro. Hindi lamang ito *unethical* kundi ilegal na gawain.
5. **Pag-subscribe upang bumili ng artikulo.** Pag-subscribe upang bumili ng artikulo o pagkopya sa mga *website* upang gamitin at angkinin bilang isang sariling papel na isusumite sa guro.

6. Pagpapagawa o pagbabayad sa iba upang ipagawa ang papel, tesis, disertasyon. Malinaw na pandaraya ito.

### **Ang Posisyong Papel**

Ang posisyong papel ay isang sulating akademiko na nagsasaad ng tiyak na paninindigan ng manunulat tungkol sa isang mahalaga at napapanahong isyu. Ito ay inilalathala sa akademya, politika, batas at iba pang larangan. Naglalayon itong himukin ang mga mambabasa na pumanig o sumang-ayon sa manunulat sa pamamagitan ng mga inilahad na katuwiran o ebidensya.

Ang posisyong papel ay may iba't ibang anyo. Ang pinakasimpleng anyo ay ang liham sa editor na nagsasaad lamang ng mga pananaw ng manunulat hinggil sa balita o artikulong kaniyang nabasa mula sa pahayagan o magasin. Samantala, ang pinakakomplikadong pormat naman ay ang pang-akademikong posisyong papel na naglalahad ng mga argumento at ebidensya upang paniwalaan ang paninindigan ng manunulat.

### **Gamit ng Posisyong Papel**

*(Constantino at Zafra)*

1. Pagkakataon ito para sa may-akda na tipunin at organisahin ang mga datos at bumuo ng isang malinaw na paninindigan tungkol sa isang paksa.
2. Naipakikilala ang kredibilidad sa komunidad ng mga may kinalaman sa nasabing usapin.
3. Para sa lipunan, nakatutulong ang posisyong papel upang maging malaya ang mga tao sa magkakaibang pananaw ukol sa usaping panlipunan.

### **Katangian ng Posisyong Papel**

Mahalagang isaalang-alang ang mga katangian ng posisyong papel. Ang mga ito ay ang sumusunod:

#### **1. Malinaw na paksa**

Ang paksa sa posisyong papel ay ang mga isyung napapanahon at pinagtataluhan ng tao. Mahalagang maipaliwanag mo nang mabuti ang kahulugan at kabuluhan ng isyung paninindigan.

#### **2. Solidong Posisyon**

Sa pagsulat ng posisyong papel, hindi lamang ang sariling katuwiran ang dapat na ilahad kundi gayundin ang kasalungat na katuwiran. Kailangang timbangin ang magkabilang panig, subalit sa kabuoan ng posisyong papel ay kinakailangang mangibabaw ang iyong posisyon. Dapat mong patunayan sa tulong ng mga ebidensya at katibayan na ang iyong paninindigan ang dapat na sang-ayunan.

#### **3. Mapangumbinsing Argumento**

Ang paglalatag ng sariling katuwiran, gayundin ang kasalungat ay dapat na may pinagbabatayan at hindi lamang nagmula sa iyong haka-haka. Banggitin ang pinagbatayan ng mga katuwiran. Kailangang isaalang-alang ang nagsasalungatang

argumento na maaaring sang-ayunan at kontrahin. Ipaliwanag ang mga puntong sumusuporta sa paninindigan. Iwasan ang pagmamalaki o pagmamayabang sa oposisyon.

#### **4. Angkop na Tono**

Ang respeto at tiwala ng mambabasa ay nakabatay sa tono ng wikang iyong gagamitin sa pagsulat ng posisyong papel. Gumamit ng mga salitang direkta at payak ngunit hindi balbal upang madaling maunawan ang iyong sulatin. Kadalasang ginagamitan ng pormal na pananalita ang mga mabibigat at seryosong isyu o paksa. Mahalagang isaalang-alang ang bigat ng isyu, target na mambabasa at layunin ng pagsulat upang maiangkop ang tonong gagamitin sa isusulat na posisyong papel.

### **Mga Hakbang sa Pagsulat ng Posisyong Papel**

(batay sa *“How to Write a Position Paper”* ni Grace Fleming)

#### **1. Pagpili ng Paksa**

Pinakasentro ng iyong posisyong papel ang paksang sinusupportahan ng pananaliksik. Mahalagang interesado, nauunawaan at malawak ang iyong kaalaman sa paksang iyong napili upang mapagtibay ang iyong pinaninindigang opinyon o posisyon. Gumamit ng mga datos, opinyon, estadistika at iba pang anyo ng katibayan upang maging kapani-paniwala at mapagkakatiwalaan ng mambabasa.

#### **2. Magsagawa ng Paunang Pananaliksik**

Kinakailangan ang paunang pananaliksik upang mapalalim ang pagkaunawa sa paksa. Sa pamamagitan nito ay iyong malalaman kung may mga katibayan o ebidensyang sumusuporta sa iyong paninindigan. Magbasa ng mga aklat, pahayagan at mga nailathalang pag-aaral. Maaaring magsagawa ng interbyu o pagtatanong sa mga taong may awtoridad sa paksa. Maaari ding kumuha ng datos mula sa internet ngunit tiyaking ito ay nagmumula sa mga mapagkakatiwalaang *website* tulad ng mga *educational site (.edu)* ng mga institusyong akademiko at pampananaliksik at mga *site* ng gobyerno (*.gov*).

#### **3. Hamunin ang iyong napiling paksa**

Alamin at unawain ang kabaliktaran ng iyong pananaw. Alamin ang lahat ng posibleng hamon upang mapagtibay ang iyong paninindigan. Maaaring itala sa papel ang iyong mga punto na sang-ayon sa iyong posisyon at sa katapat naman ay ang mga kasalungat na punto. Alamin ang walang katapat o hindi pa nasasagot. Timbangin kung alin sa dalawang magkasalungat na posisyon ang mas mahusay.

#### **4. Ipagpatuloy ang pangangalap ng mga matibay na ebidensiya**

Matapos mong matukoy ang posisyong susupportahan at kahinaan ng kabilang panig ay magpatuloy pa sa mas malalim na pananaliksik. Maaaring sumangguni sa mga aklat at akademikong babasahin. Makipanayam sa mga taong eksperto o dalubhasa sa paksang pinagtataluhan.

#### **5. Bumuo ng Balangkas**

Sa pamamagitan ng pagbabalangkas ay makikita ang direksiyon ng posisyong papel na iyong isusulat.

Narito ang mungkahing pagbabalangkas ng posisyong papel:

**A. Ipakilala ang iyong paksa.** Talakayin sa introduksiyon ang maikling kaligirang impormasyon tungkol dito. Gumawa ng pahayag na tesis na iginigiit ang iyong posisyon.

**B. Itala ang mga katwiran ng kabilang panig.** Ipaliwanag nang maikli ang bawat katwiran. Banggitin ang mga pinagbatayang sanggunian ng mga katuwirang ito.

**C. Isa-isahin ang mga sariling katuwiran.** Tiyaking may katapat na katuwiran ang bawat isa sa kabilang panig. Maaari ring maglahad ng iba pang katuwiran na walang katapat upang mapatunayang pinakamahusay at pinakamainam ang iyong posisyon.

**D. Pagtibayin ang sariling katuwiran.** Palawakin pa ang mga paliwanag sa iyong sariling katuwiran. Maglahad pa ng karagdagang ebidensiya upang mas kapani-paniwala ang iyong katuwiran.

**E. Lagumin ang mga katuwiran at igiit ang iyong posisyon.** Ipaliwanag na ang sariling paninindigan ang pinakamabuti at karapat-dapat na paniwalaan.

**6. Isulat ang iyong posisyong papel.** Isulat nang may kumpiyansa sa sarili ang posisyong papel. Ipahayag nang may awtoridad at kaalaman ang usapin. Patunayan na ang iyong paninindigan ang tama at karapat-dapat sang-ayunan.

**Tandaan** na walang saysay ang posisyong papel kung hindi ito maibabahagi sa publiko. Mahalagang ipaalam sa komunidad, ahensiya o awtoridad ang paninindigan. Maglathala ng maraming kopya at ipamahagi. Maaari ring magbigay ng kopya sa mga estasyon ng radyo at telebisyon. Sa kasalukuyan, isang mabisang paraan din ang paggamit ng *social media* sa pagpapalaganap nito.

Narito ang halimbawa ng isang posisyong papel.

### **Pagtatangol sa Wikang Filipino, Tungkulin ng Bawat Lasalyano**

*Departamento ng Filipino, DLSU*

Ang buwan ng Agosto ay Buwan ng Wikang Pambansa. Dahil sa pagbura sa asignaturang Filipino sa kolehiyo bunsod ng Commission on Higher Education/CHED Memorandum Order (CMO) No. 20, Series of 2013, nagpasya ang Departamento ng Filipino na gawing higit na katangi-tangi ang paggunita sa Buwan ng Wika sa taong ito sa pamamagitan ng pagtatampok ng mga adbokasiyang pangwika. Magsasagawa ang Departamento ng mga gawaing naglalayong imulat ang ating komunidad sa kahalagahan ng pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa kolehiyo.

Dapat bigyang-diin na hindi sapat na maging opsyonal na wikang panturo lamang ang wikang Filipino sapagkat alam naman nating mas nakakiling sa Ingles ang sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas.

Malaki ang pangangailangan sa paglilinaw at pagsusulong ng adbokasiyang pangwika sapagkat mula pa noong Enero 2013 ay nakikipagdiyalogo na ang Departamento sa administrasyon ng pamantasan upang hilingin na panatilihin sa kurikulum ng DLSU ang asignaturang Filipino, ngunit hanggang sa kasalukuyan, sa kabila ng lahat ng ating pagsisikap na ipaliwanag ang kahalagahan ng pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa kolehiyo, hindi pa rin isinama ng Komite sa New Lasallian Core Curriculum (NLCC) ang asignaturang Filipino. Gayunman, sinusupportahan ng Komite sa NLCC ang opsyonal na paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo sa alinmang asignatura sa bagong kurikulum. Dapat bigyang-diin na hindi sapat na maging opsyonal na wikang panturo lamang ang wikang Filipino sapagkat alam naman nating mas nakakiling sa Ingles ang sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas dahil na rin sa ating pinagdaanang malalim at matagal na kolonisasyon ng mga Amerikano. Hindi rin magiging mabisang wikang panturo ang Filipino sa Agham, Matematika, Inhenyeriya, Komersyo, Agham Panlipunan, Humanidades, at iba pa, kung walang asignatura sa kolehiyo na magtitiyak sa pagkakaroon ng mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit nito sa intelektwal na diskurso, komunikasyon, at pananaliksik. Samakatuwid, ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan ay matitiyak lamang kung may asignaturang Filipino na may inter/multidisiplinaryong disenyo sa kolehiyo.

Sa ganitong diwa, hinihiling namin sa komunidad ng ating pamantasan na suportahan ang adbokasiya ng Departamento na adbokasiya rin ng libo-libong mamamayan sa buong bansa at maging sa ibayong-dagat.

Una, naniniwala kami na ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino ay nakapag-aambag sa pagiging mabisa ng community engagement ng ating pamantasan sapagkat ang wikang Filipino ang wika ng mga ordinaryong mamamayan sa mga komunidad na ating pinaglilingkuran. Ang pagpapalakas sa ugnayan ng ating pamantasan at ng mga ordinaryong mamamayan ay alinsunod sa bokasyon ni San Juan Bautista De La Salle na nagsikhay sa paggamit ng wika ng mga ordinaryong mamamayan sa edukasyon. Dapat bigyang-diin na ang Filipinisasyon ng mga pananaliksik ng iba't ibang departamento at kolehiyo sa pamantasan ay makatutulong din nang malaki sa pagtitiyak na ang ating mga pananaliksik ay higit na magiging kapaki-pakinabang sa ating mga kababayan.

Ang wikang Filipino ang wika ng mga ordinaryong mamamayan sa mga komunidad na ating pinaglilingkuran.

Ikalawa, sa konteksto ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) Integration, ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino na may inter/multidisiplinaryong disenyo ay isa sa ating mga potensyal na ambag sa proyekto ng globalisasyong pedagohikal at sosyo-kultural. Ano nga ba ang iaambag natin sa daigdig kung hindi natin pag-aaralan ang sarili nating wika at kultura? Paano haharapin ang mundo kung hindi kilala ang sarili?

Ang pagbura sa espasyo ng wikang Filipino sa mga kolehiyo sa Pilipinas ay tiyak na may negatibong epekto sa espasyo nito sa ibang bansa.

Ikatlo, ang wikang Filipino ay wikang global na itinuturo bilang asignatura o kaya'y komponent ng Philippine Studies sa mahigit 45 unibersidad at mahigit 100 hayskul sa buong mundo. Ang pagbura sa espasyo ng wikang Filipino sa mga kolehiyo sa Pilipinas ay tiyak na may negatibong epekto sa espasyo nito sa ibang bansa.

Ikaapat, kinikilala ang kahusayan ng DLSU-Manila sa larangan ng pagtuturo at pananaliksik sa Filipino gaya ng pinatutunayan ng dalawang ulit na paggawad ng rekognisyon ng CHED sa Departamento ng Filipino bilang Center of Excellence (COE), ang kaisa-isang Departamento ng Filipino sa buong bansa na may ganitong karangalan. Mahalagang komponent ng pagiging COE ng Departamento ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino na may mataas na antas. Kaugnay nito, ang Departamento rin ang nagpapatakbo sa operasyon ng Malay, isa sa iilang multidisiplinaryang journal sa Filipino na may rekognisyong internasyonal. Dagdag pa, kinikilala sa larangan ng malikhaing pagsulat at pananaliksik ang Departamento, gaya na rin ng pinatutunayan ng mga de-kalidad na publikasyong inilalathala ng mga guro nito.

Ikalima, sa mga nakaraang dekada ng pag-iral nito, malaki na ang naiambag ng Departamento sa pamamagitan ng mga regular na proyektong gaya ng Seryeng Panayam, Pambansang Seminar, Community Engagement, at International Conference, na nakapagdulot ng positibong impact di lamang sa ating pamantasan, kundi lalo't higit sa libo-libong mga mamamayang lumahok at lumalahok sa mga ito. Hinggil sa usaping pangwika, ang Departamento ang isa sa pinakamasigasig sa mga grupong nagbuo sa Alyansa ng Mga Tagapagtanggol ng Wikang Filipino (TANGGOL WIKA) na ngayo'y nangunguna sa pakikipaglaban para sa wikang Filipino sa antas tersyarya sa buong bansa. Matatandaang sa inisyatiba ng Departamento at sa pagsuporta ng Kolehiyo ng Malalayang Sining ay isinagawa sa DLSU-Manila ang asembleya ng pagtatatag ng TANGGOL WIKA noong ika-21 ng Hunyo. Mananatiling matatag ang Departamento sa pag-aambag sa mga nabanggit na inisyatiba kung magkakaroon ng asignaturang Filipino sa kolehiyo, na magtitiyak sa patuloy na pag-iral at pag-unlad nito.

Ikaanim, ginagarantiyahan ng pagkakaroon ng Filipino sa DLSU ang aktibong pakikisangkot ng mga guro ng Departamento at bawat mag-aaral na Lasalyano sa mga kolaboratibong pananaliksik na isinusulong ng ibang mga departamento gaya ng Natural Language Processing Department (CCS) kaugnay ng paglinang ng Machine Translation Software sa Filipino, pagsasalin ng iba't ibang materyal tulad ng survey instruments mula sa iba't ibang disiplina at larangan gaya ng Inhenyeriya, Sikolohiya, Batas, Komersyo, at Ekonomiks, at iba pang gawaing pananaliksik.

Ikapito, sa pamamagitan ng asignaturang Filipino sa DLSU, inaasahang may sapat na katatasan sa wikang pambansa ang sinumang gradweyt ng Pamantasang ito sa pakikipagtalastasan sa iba't ibang pangangailangan o kontekstong pangkomunikasyon pang-akademiko man o pangkultura, tulad ng nililintang sa ibang pamantasan.

Ang pagbura sa asignaturang Filipino sa kolehiyo ay nangangahulugan ding pagbura at paglusaw sa mga Departamento ng Filipino sa buong bansa. Sa kabutihang-palad, tuloy ang pagsusulong ng adbokasiyang makabayan sa wika at edukasyon ng iba't ibang grupo sa loob at labas ng bansa. Maging ang administrasyon ng ilang unibersidad gaya ng University of the Philippines, University


of Asia and the Pacific, Philippine Normal University, Polytechnic University of the Philippines, National Teachers' College, Assumption College, Mapua Institute of Technology, Pamantasan ng Lungsod ng Marikina, Xavier University, De La Salle-College of St. Benilde, De La Salle University-Dasmariñas, Technological University of the Philippines, at iba pa, ay nagpahayag ng suporta sa pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa kolehiyo sa pamamagitan ng paglagda sa mga posisyong papel na inihanda ng kani-kanilang mga Departamento ng Filipino, o kaya'y paglalahad ng komitment na magdaragdag ng required na asignaturang Filipino.

Malinaw na hindi simpleng usapin ng pagsasalba sa trabaho ng mga guro ang adbokasiyang ito. Ang adbokasiyang ito'y pagsasalba sa kolektibong identidad, sa salamin ng ating kultura, sa daluyan ng diskursong pambansa, at pagtataguyod ng nasyonalistang edukasyon na huhubog ng mga estudyanteng magiging mga kapakipakinabang na mamamayan ng ating bansa. Umaasa kami na sa pamamagitan ng ating sama-samang pagkilos, ang makabayang adbokasiya sa wika at edukasyon ng ating unibersidad na nagluwal na ng mga makabayang lingkod-bayan gaya ni Senador Lorenzo M. Tañada at mga makabayang edukador gaya ni Br. Andrew Gonzalez, FSC, ay patuloy na mananatiling buhay ngayon at magpakailanman. Hanggang sa mangyari iyon ay ipagluluksa natin ang pagkamatay ng asignaturang Filipino sa ating pamantasan. Ipagluluksa natin ang katotohanan na sa kasaysayan ng ating pamantasan, sa ating henerasyon ay namatay ang ating wikang pambansa.

Sa ganitong diwa, inaanyayahan namin ang buong komunidad na makiisa sa mga panawagan ng Departamento ng Filipino sa pamamagitan ng pagsusuot ng itim na damit o itim na ribbon araw-araw ngayong buwan ng Agosto. Ang gawaing ito ay simula pa lamang ng ating tuluy-tuloy na pakikibaka para sa kapakanan ng wikang Filipino at nasyonalistang edukasyon.

Para sa regular na update hinggil sa pambansang pakikibaka para sa wikang Filipino at makabayang edukasyon, hinihikayat din ang lahat na bisitahin ang [www.facebook.com/TANGGOLWIKA](http://www.facebook.com/TANGGOLWIKA)

Isulong ang pagkakaroon ng asignaturang Filipino sa kolehiyo!  
Gamiting wikang panturo ang Filipino sa iba't ibang asignatura!  
Itaguyod ang makabayang edukasyon!



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1**

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na tanong at sagutin ang mga ito sa makabuluhang pangungusap. Gumamit ng sagutang papel.

1. Isulat ang sariling pagpapakahulugan sa posisyong papel batay sa sariling mong pang-unawa.
2. Isa-isahin ang mga layunin sa pagsulat ng posisyong papel.
3. Ilarawan ang mga mahahalagang katangian ng posisyong papel.
4. Isa-isahin ang nililintang na mga kasanayan sa pagsulat ng posisyong papel.
5. Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagsasaalang-alang ng mambabasa sa pagsulat ng posisyong papel.



## Gawain 2

**Panuto:** Balikan ang halimbawa ng isang posisyong papel na pinamagatang *Pagtatanggol sa Wikang Filipino, Tungkulin ng Bawat Lasalyano* mula sa *Departamento ng Filipino, DLSU*. Suriin ang teksto gamit ang talahanayan. Gumamit ng sagutang papel.

Paksa:	
Sumulat:	
Sariling Katuwiran	Kasalungat na Katuwiran
Paninindigan at Paliwanag	

## Gawain 3

**Panuto:** Pagsunod-sunurin. Lagyan ng bilang 1-5 ang patlang ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa pagsulat ng posisyong papel. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ Pagsasagawa ng paunang pananaliksik
- \_\_\_\_\_ Pagpili ng paksa ayon sa iyong sariling interes
- \_\_\_\_\_ Patuloy na pangangalap ng mga katibayan at ebidensya
- \_\_\_\_\_ Pagbuo ng balangkas, pagsulat at pamamahagi ng posisyong papel
- \_\_\_\_\_ Pag-alam sa lahat ng posibleng hamon upang mapagtibay ang iyong paninindigan

## Gawain 4


**Panuto:** Saliksikin at basahin ang “Posisyong Papel ng Kagawaran ng Filipino ng Adamson University hinggil sa paggamit ng Wikang Filipino bilang wikang panturo sa kolehiyo at pagkakaroon ng asignaturang Filipino bilang *mandatory core course* sa Kolehiyo.” Matapos basahin sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang isyung pinag-uusapan sa posisyong papel?
2. Paano sinimulan ang posisyong papel?
3. Ilahad ang mga ebidensya o katuwirang binabanggit sa isyu.
4. Ibigay ang konklusyon sa posisyong papel.
5. Talakayin ang iyong paninindigan sa isyu. Pangatwiranan.
6. Naisaalang-alang ba ang etika sa pagsulat ng nasabing posisyong papel? Patunayan.



## Isaisip

**Panuto:** Ipaliwanag ang kahalagahan ng pagsasaalang-alang ng etika sa pagbuo ng akademikong sulatin lalo na sa pagsulat ng posisyong papel. Gumamit ng sagutang papel.



## Isagawa

### Gawain 1

**Panuto:** Mahalagang magsagawa ng paunang pananaliksik tungkol sa paksa upang mapagtibay ang iyong paninindigan. Sa gawaing ito, ikaw ay magsasagawa ng pananaliksik tungkol sa mga usaping panlipunan na nakatala sa unang hanay. Sa dalawang sumunod na hanay ay sumulat ng tigdalawang katuwirang sumusuporta at katuwirang kumukontra sa posisyong nasa unang hanay.

Paksa	Katuwirang Sumusuporta	Katuwirang Kumukontra
1. Pagpapasahod ng barya sa mga empleyado		
2. Pagpapatupad ng <i>Anti-Terrorism Bill</i>		
3. Pagbabalik ng <i>face-to-face classes</i>		
4. Pagpapatupad ng kontraktuwalisasyon sa trabaho		
5. Pagpapatuloy sa kolehiyo pagkatapos ng <i>Senior High School</i>		

### Gawain 2

**Panuto:** Bumuo ng posisyong papel tungkol sa SOGIE. Isaalang-alang ang etika sa pagsulat ng nasabing sulatin. Gumamit ng sagutang papel.



## Tayahin

### Gawain 1

**Panuto:** Pumili ng napapanahong usapin na may kaugnayan sa iyong *strand*. Tiyakin na ang pipiliing usapin ay may magkasalungat na panig. Pagkatapos ay gumawa ng sariling balangkas upang makabuo ng posisyong papel. Sundin ang gabay sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

<hr/> <p>Pamagat</p>
<p>Introduksiyon:</p> <p>I. _____</p> <p>II. _____</p> <p>Katawan:</p> <p>I. _____</p> <p style="padding-left: 40px;">A. _____</p> <p style="padding-left: 40px;">B. _____</p>

II. \_\_\_\_\_  
 A. \_\_\_\_\_  
 B. \_\_\_\_\_

III. \_\_\_\_\_  
 A. \_\_\_\_\_  
 B. \_\_\_\_\_

Kongklusyon:  
 I. \_\_\_\_\_  
 II. \_\_\_\_\_


## Gawain 2

**Panuto:** Mula sa binuong balangkas, sumulat ng sariling posisyong papel batay sa ipinaliwanag na mga hakbang sa pagsulat nito. Isaalang-alang ang etika sa pagsulat ng bubuoing sulatin. Sundin ang pamantayan sa ibaba. Isulat ito sa sagutang papel.

<b>Pamantayan:</b>	
Nakapaghanay ng sariling katuwiran	10
Nakapaghanay ng kasalungat na katuwiran	10
Nakabuo at solidong naipaliwanag ang paninindigan	10
Nakabuo ng sulating may batayang pananaliksik	10
Naisasaalang-alang ang etika sa akademikong sulatin	10
<b>Kabuoan</b>	<b>50</b>

Batayan sa sariling pagtatasa:

- 39 - 50 Kayang-kaya mo nang manindigan
- 27 - 38 Kaya mo nang manindigan
- 15 - 26 Mahina pa ang iyong paninindigan
- 0 - 14 Magsagawa ng muling pag-aaral sa araling ito



## Karagdagang Gawain

**A. Panuto:** Sundin ang sumusunod na hakbang sa ibaba upang maisagawa ang gawain sa bahaging ito. Gumamit ng sagutang papel.


- Humanap ng limang kakapanayamin na maaaring mga kamag-aral o kaibigan sa pamamagitan ng *Facebook Messenger* o anomang uri ng *social media*. Kung walang *internet*, maaaring kapamilya na kasama sa bahay.
- Alamin ang kanilang panig kung sila ba ay tutol o sang-ayon sa paksang nasa ibaba. Hingin ang kanilang paliwanag kung bakit ito ang kanilang panig.

**Paksa: “Tuloy ang edukasyon sa gitna ng pandemya.”**

3. Gumawa ng konklusyon ukol sa mga nakalap na kasagutan. Sa konklusyon ay dapat na mailahad din ang iyong paninindigan. Sundin ang gabay sa ibaba.

Konklusyon: _____ _____ _____
-------------------------------------

- B. Panuto:** Sumulat ng posisyong papel tungkol sa “Distance Learning sa panahon ng COVID-19: Sina Nanay at Tatay ang Titser sa Bagong Bahay-klasrum” na may batayang pananaliksik ayon sa tindi ng pangangailangan nito. Isaalang-alang din ang etika sa pagsulat ng posisyong papel.



## Susi sa Pagwawasto

Malaya ang sagot sa lahat ng gawain

## Sanggunian

Aklat

Constantino, Pamela C., Galileo S. Zafra at Aurora E. Batnag. Filipino sa Piling Larangan (Akademik). Manila: Rex Book Store, 2016.

Bernales, Rolando A. Filipino sa Larangang Akademiko. Malabon City: Mutya Publishing House Inc. 2017

Garcia, Florante C. Pintig Senior High School Filipino sa Piling Larangan (Akademik). Quezon City: Sibs Publishing House, 2016.

Website

brainlymomshie. “Etika sa Pagsulat”, galing sa <https://brainly.ph/question/476973>.

Departamento ng Filipino ng De La Salle University-Manila. Pagtatanggol sa Wikang Filipino, Tungkulin ng Bawat Lasalyano, Maynila: Taft, Manila. Web. Marso 25 2015.

Makikita ang dokumento sa <http://www.manilatoday.net/pagtatanggol-sa-wikang-filipino-tungkulin-ng-bawat-lasalyano/>

Fleming, Grace. How to Write a Position Paper. Hulyo 20, 2019. Makikita ang dokumento sa <https://www.thoughtco.com/how-to-write-a-position-paper-1857251>

PhilStar. EDITORIAL - Another law vs terrorism, Pebrero 28, 2020. Makikita ang editorial kartun sa <https://www.google.com/amp/s/www.philstar.com/opinion/2020/02/28/1996625/editorial-another-law-vs-terrorism/amp/>

PhilStar Pang-Masa. EDITORIAL – Sa mga unibersidad at kolehiyo: H’wag kitlin ang Wikang Filipino. Hunyo 3, 2019. Makikita ang editorial kartun sa

[https://www.google.com/amp/s/www.philstar.com/pang-masa/punto-](https://www.google.com/amp/s/www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2019/06/03/1923084/editorial-sa-mga-unibersidad-at-kolehiyo-hwag-kitlin-ang-wikang-filipino/amp/)

[mo/2019/06/03/1923084/editorial-sa-mga-unibersidad-at-kolehiyo-hwag-kitlin-ang-wikang-filipino/amp/](https://www.google.com/amp/s/www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2019/06/03/1923084/editorial-sa-mga-unibersidad-at-kolehiyo-hwag-kitlin-ang-wikang-filipino/amp/)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph \* blr.lrpd@deped.gov.ph